# Paano Kami Nagpapasya kung Kayo ay Mayroong Kuwalipikadong Kapansanan pa rin

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Lilikumin namin ang impormasyon | 1 |
| Aming rerepasuhin ang mga katotohanan | 1 |
| Paano naaapektuhan ang inyong mga benepisyo | 2 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 2 |


Sa karamihang mga kaso, binabasa ninyo ang leaflet na ito dahil kakatanggap lang ninyo ng liham na nagsasabing rerepasuhin namin ang inyong medikal na kondisyon. Inuutos sa amin sa ilalim ng batas na repasuhin, pana-panahon, ang kasalukuyang medikal na kondisyon ng lahat ng mga tao na tumatanggap ng mga benepisyo para sa kapansana para matiyak na patuloy pa rin silang mayroong kuwalipikadong kapansanan.

Karaniwan, kung ang inyong kalusugan ay hindi gumaling, o kung hinahadlangan pa rin kayo sanhi ng inyong kapansanan na makapagtrabaho, patuloy kayong makakatanggap ng inyong mga benepisyo.

## Lilikumin namin ang impormasyon

Para makatulong sa aming pagdedesisyon, una sa lahat ay lilikom kami ng bagong impormasyon tungkol sa inyong medikal na kondisyon.

- Hihilingin namin sa inyong mga doktor, ospital, at iba pang mga pinagkukuhan ng medikal na tulong ang inyong mga medikal na rekord. Tatanungin namin sila kung paano nahahadlangan ng inyong medikal na kondisyon ang inyong mga gawain, ano ang nakalagay sa mga medikal na eksaminasyon, at kung anong mga paggagamot ang naibigay sa inyo.
- Kung kailangan namin ng mas maraming impormasyon, hihilingin namin sa inyong kumuha ng isang espesyal na eksaminasyon o pagsusuri na babayaran namin.

## Aming rerepasuhin ang mga katotohanan

Susunod, susuriin namin kung ano ang inyong naging medikal na kondisyon nang huli naming nirepaso ang inyong kaso. Titingnan rin namin ang anumang bagong mga problema sa kalusugan na mayroon kayo.